# 8 Filipino

## Unang Markahan



PIVOT 4A LEARNER'S MATERIAL

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Ang modyul na ito ay nagtataglay ng mga pangunahing impormasyon at gabay sa pag-unawa ng mga Most Essential Learning Competencies (MELCs). Ang higit na pag-aaral ng mga nilalaman, konsepto at mga kasanayan ay maisasakatuparan sa tulong ng K to 12 Learning Materials at iba pang karagdagang kagamitan tulad ng worksheets/activity sheets na ipagkakaloob ng mga paaralan at/o mga Sangay ng Kagawaran ng Edukasyon. Magagamit din ang iba pang mga paraan ng paghahatid kaalaman tulad ng Radio-based at TV-based Instruction o RBI/TVI).

CLMD CALABARZON

# Filipino

## Ikawalong Baitang

**Regional Office Management and Development Team:** Job S. Zape, Jr., Elaine T. Balaogan, Romyr L. Lazo, Fe M. Ong-Ongowan, Lhovie A. Cauilan, Ephraim L. Gibas

**Schools Division Development Team:** Gemma G. Cortez, Leylanie V. Adao, Fragilyn B. Rafael, Sheryl B. Zarsadias, Jayson R. Salvador, Jennifer M. Melad, Jedie A. Mendoza, Jocelyn B. Alderete, Jojemar P. Tayab

**Filipino Ikawalong Baitang**
**PIVOT IV-A Learner's Material**
**Unang Markahan**
**Unang Edisyon, 2020**

Inilathala ng: Kagawaran ng Edukasyon Rehiyon IV-A CALABARZON
Patnugot: Wilfredo E. Cabral
Pangalawang Patnugot: Ruth L. Fuentes

# Gabay sa Paggamit ng PIVOT Learner's Material

## Para sa tagapagpadaloy

Ang Modyul na ito ay inihanda upang makatulong sa ating mga mag-aaral na madaling matutunan ang mga aralin sa asignaturang Agham Panlipunan. Ang mga bahaging nakapaloob dito ay sinigurong naayon sa mga ibinigay na layunin.

Hinihiling ang iyong paggabay sa pagbibigay sa ating mga mag-aaral ng tamang paraan ng paggamit nito. Malaki ang iyong maitutulong sa pag -unlad nila sa pag-unawa sa pagpapakita ng kakayahan ng may tiwala sa sarili na kanilang magiging gabay sa mga sumusonod na aralin.

## Para sa Mag-aaral

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Inaasahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

# Mga Bahagi ng PIVOT Modyul

| | Bahagi ng LM | Nilalaman |
|---|---|---|
| Panimula | Alamin | Ang bahaging ito ay naglalahad ng MELC at ninanais na outcome ng pagkatuto para sa araw o lingo, layunin ng aralin, pangunahing nilalaman at mga kaugnay na halimbawa para makita ng mag-aaral ang sariling kaalaman tungkol sa nilalaman at kasanayang kailangan para sa aralin. |
| | Suriin | |
| Pagpapaunlad | Subukin | Ang bahaging ito ay naghahanap ng mga aktibidad, gawain, nilalaman na mahalaga at kawili-wili sa mag-aaral, karamihan sa mga gawain ay umiinog lamang sa mga konseptong magpapaunlad at magpapahusay ng mga kasanayan sa MELC lalo na ang bahaging ito ay nagbibigay ng oras para makita ng mag-aaral ang alam niya, hindi pa niya alam at ano pa ang gusto niyang malaman at matutuhan. |
| | Tuklasin | |
| | Pagyamanin | |
| Pakikipagpalihan | Isagawa | Ang bahaging ito ay may iba't ibang gawain at oportunidad sa pagbuo ng kailangang Knowledge Skills and Attitude (KSA). Pinahihintulutan ng guro ang mga mag-aaral na makisali sa iba't ibang gawain at oportunidad sa pagbuo ng kanilang mga KSA upang makahulugang mapag-ugnay-ugnay ang kanilang mga natutuhan pagkatapos ng mga gawain sa D. Inilalantad ng bahaging ito sa mag-aaral ang totoong sitwasyon/gawain ng buhay na magpapasidhi ng kaniyang interes upang matugunan ang inaasahan, gawing kasiya-siya ang kanilang pagganap o lumikha ng isang produkto o gawain upang ganap niyang maunawaan ang mga kasanayan at konsepto. |
| | Linangin | |
| | Iangkop | |
| Paglalapat | Isaisip | Ang bahaging ito ay nagtuturo sa mag-aaral ng proseso na maipakikita nila ang mga ideya, interpretasyon, pananaw, o pagpapahalaga at makalikha ng mga piraso ng impormasyon na magiging bahagi ng kanilang kaalaman sa pagbibigay ng repleksiyon, pag-uugnay o paggamit nang epektibong nito sa alinmang sitwasyon o konteksto. Hinihikayat ng bahaging ito ang mga mag-aaral na lumikha ng mga estrukturang konseptuwal na nagbibigay sa kanila ng pagkakataong pagsamahin ang mga bago at lumang natutuhan. |
| | Tayahin | |

WEEKS 1-2

# Karunungang-Bayan

I

Aralin

Ang buhay ng tao ay napapaloob sa mga paniniwalang nagsisilbi nating gabay sa ating pang-araw-araw na buhay. Kabilang sa mga gabay na ito ay ang mga karunungang-bayan na nagbibigay ng direksyon sa ating mga paniniwala at pamantayan bilang tao at pamayanan.

Sa araling ito, inaasahang maiuugnay ang mahahalagang kaisipang nakapaloob sa mga karunungang-bayan sa mga pangyayari sa tunay na buhay sa kasalukuyan.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1**: Suriin at magbigay ng maikling pagpapaliwanag sa mga sumusunod.

1. Ang maniwala sa sabi-sabi, walang bait sa sarili.

_______________________________________________

2. Sa paghahangad ng kagitna, isang salop ang nawala.

_______________________________________________

3. Ang sakit kapag naagapan, madali itong malulunasan.

_______________________________________________

4. Sa bukid nagsaksakan, sa bahay nagbunutan.

_______________________________________________

5. Paano tatawa ang dalaga nang hindi makikita ang kanyang ngipin?

_______________________________________________

D

**KARUNUNGANG-BAYAN**

Ito ay tinatawag ding kaalamang-bayan na binubuo ng nga salawikain, sawikain, bugtong, palaisipan, kasabihan, at bulong. Karaniwan ang mga ito ay nagmula sa mga Tagalog at hinango sa mahahabang tula.

**1. Salawikain** – Ito ay nakaugalian nang sabihin at sundin bilang tuntunin ng kagandahang asal n gating mga ninuno na naglalayong mangaral at akayin ang kabataan tungo sa kabutihan.
**Halimbawa:**
Aanhin pa ang damo
Kung patay na ang kabayo.

**2. Sawikain/Idyoma** – ang mga sawikain o idyoma ay mga salita o pahayag na nagtataglay ng talinghaga.
Halimbawa:
bagong tao – binata
bulang-gugo – gastador

**3. Kasabihan** – karaniwang ginagamit sa panunukso o pagpuna ng isang tao.

Halimbawa:

| | |
|---|---|
| Tulak ng bibig | Utos na sa pusa |
| Kabig ng dibdib | Utos pa sa daga |

**4. Bugtong** – inilalarawan ang bagay na pinahuhulaan, ito ay nangangailangan ng mabisang pag-iisip.

Ang bugtong ay mayroon din sukat at tugma, at karaniwang binubuo ng dalawa hanggang apat na taludtod.

Ang unang (dalawang) linya ay nagsisimula sa ilang pamilyar na bagay sa kapaligiran.

Ang huling (dalawang) linya naman ay nagbibigay ng katangi-tanging katangian ng bagay na binabanggit sa naung linya.

**May dalawang uri ng bugtong**

Ang mga bugtong ay pahulaan sa pamamagitan ng paglalarawan. Ito ay binibigkas nang patula at may lima hanggang labindalawang pantig. Ang mga tagalog ang pianakamayaman sa bugtong.

1. Mga talinghaga (o enigma), mga suliraning ipinahahayag sa isang metapora o ma-alegoryang wika na nangangailangan ngkatalinuhan at maingat na pagninilay-nilay para sa kalutasan.
2. Mga palaisipan (o konumdrum), mga tanong na umaasa sa dulot ng patudyang gamit sa tanong o sagot.

**Apat na katangian ng tunay na bugtong:**

1. Tugma
2. Sukat
3. Kariktan
4. Talinhaga (pinakamahalagang katangian)

| **Halimbawa:** | **Sagot** |
|---|---|
| 1. Nagtago si Pedro, labas din ang ulo. | Pako |
| 2. Ate mo, ate ko, ate ng lahat ng tao. | Atis |
| 3. Nanganak ang birhen itonago ang lampin. | Saging |

**5. Palaisipan** – ito ay nasa anyong tuluyan na kalimitang gumigising sa isipan ng mga tao upang bumuo ng isang kalutasan sa isang suliranin.

**Halimbawa**

Sa isang kulungan ay may limang baboy na inaalagaan si Juan, lumundag ang isa, ilan ang natira?

May isang bola sa mesa, tinakpan ito ng sumbrero. Paano nakuha ang bola nang di man lang nagalawa ang sombrero?

**6. Bulong** – ang bulong ay mga pahayag na may sukat at tugma na kalimitang ginagamit na pangkulam o pangontra sa kulam, engkanto, at masamang espiritu.

**Halimbawa**

Huwang magagalit, kaibigan, aming pinuputol lamang ang sa ami'y napaguutusan.

## E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Iugnay ang mga sumusunod na karunungang-bayan sa mga pangyayari sa tunay na buhay sa kasalukuyan.

| Karunungang-Bayan | Pagpapakahulugan |
|---|---|
| Ang hindi marunong lumingon sa pinanggalingan, hindi makararating sa paroonan. | |
| Tawa nang tawa, hanap ay asawa. | |
| Kung anong bukang bibig, siyang laman ng dibdib. | |
| Kung ano ang itinanim, siya ring aanihin. | |
| Ang maniwala sa sabi-sabi ay walang bait sa sarili. | |

## A

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Gumupit ng mga larawan para makagawa ng isang *brochure* pangkalusugan ukol sa COVID-19. Lagyan ng ***caption*** ang bawat larawan gamit ang mga karunungang-bayan at ipaliwanag.

| **Pamantayan** | **Puntos** |
|---|---|
| May kaugnayan sa paksa | 30 |
| Malinaw at maayos na pagpapaliwanag | 30 |
| Pagiging malikhain | 20 |
| Malinis at maayos na presentasyon | 20 |
| **Kabuuan** | **100** |

WEEK 2

# Pagbibigay-Kahulugan sa Talinghaga

I

## Aralin

Ang araling ito ay naglalayong magkapaglinang ng sariling kakayahan na makapagbigay-kahulugan sa mga talinghaga, eupemistiko o masining na pahayag na ginamit sa iba't ibang uri ng panitikan gaya ng tula, balagtasan, alamat, maikling kwento at epiko ayon sa kasingkahulugan o kasalungat na kahulugan.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Basahin at unawain ang tanong sa ibaba. Isulat ang hinihinging kasagutan sa patlang.

1. Ano ang tawag sa bulkan na ito? ______________________________

2. Saang lalawigan o probinsiya matatagpuan ang bulkang ito? ____________

3.Ano-ano ang alam mo tungkol sa bulkang ito? Magbigay ng dalawang katangian nito. ______________________________



**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Basahin at unawain ang mga tanong sa ibaba. Isulat ang sagot sa nakalaang patlang.

1. Para sa iyo, ano ang pinagmulan ng mga bagay tulad ng isang bulkan?

______________________________
______________________________
______________________________

2. Bakit mahalagang malaman natin kung saan nagmula ang mga bagay- bagay sa ating paligid?

______________________________
______________________________
______________________________

3. Paano nakatutulong sa iyo ang pagtuklas nito?

______________________________
______________________________
______________________________

D

## TALINGHAGA

Ang talinghaga ay ang paraan ng pagsasalita na may lalim at pakipakahulugan bilang repleksyon ng mga tunay na pangyayari sa buhay ng tao. Ang mga talinghagang ito ay nagbibigay ng lalim sa kahulugang nais ipahiwatig nito. Maliban sa Bibliya, marami ring talinghaga ang matatagpuan sa mga tula, alamat, epiko at iba pang uri ng akdang-pampanitikan.

E

**Gawain sa Pagkakatuto Bilang 3**: Basahin at aralin ang alamat tungkol sa Bulkang Mayon.

### Daragang Magayon

ni Damiana Eugenio

Katulad ng lahat ng alamat, nangyari ang kuwentong ito noong unang panahon. Naganap ito sa payapang rehiyon ng Ibalong, sa maliit na bayan ng Rawis, na pinamumunuan ng makatarungang datung si Makusog. Ang asawa ng datu na si Dawani ay namatay sa panganganak.

Kaya't nanatiling iisa ang anak ni Datu Makusog -isang anak na babaeng walang kapares sa kagandahan at kabaitan, si Daragang Magayon. Hindi tuloy nakapagtataka kung bakit dumadayo ang napakaraming manliligaw mula sa ibang tribu, kabilang na ang nasa malalayong bayan, upang mabihag ang puso ng dalaga. Ngunit wala ni isa sa mga binatang ito ang nakakuha ng pagtingin ng magandang binibini. Wala, kahit ang makisig at mapagmataas na si Pagtuga, ang dakilang mangangaso at datu ng Iraga. Kahit pa pinaulanan ni Pagtuga ng mga handog na ginto, perlas, at iba pang kayamanan ang ama ni Magayon, ay hindi pa rin nito nakuha ang loob ng dalaga. Ngunit wala ni isa sa mga binatang ito ang nakakuha ng pagtingin ng magandang binibini. Wala, kahit ang makisig at mapagmataas na si Pagtuga, ang dakilang mangangaso at datu ng Iraga. Kahit pa pinaulanan ni Pagtuga ng mga handog na ginto, perlas, at iba pangkayamanan ang ama ni Magayon, ay hindi pa rin nito nakuha ang loob ng dalaga. Isang katangi-tanging binatilyo ang nagpakita si Rawis: si Ulap, ang tahimik ngunit matapang na anak ni Datu Karilaya ng Katagalugan. Naglakad siya nang malayo upang makita ng sarili niyang mga mata ang ipinagbunying kagandahan ni Daragang Magayon.Ngunit hindi katulad ng ibang manliligaw, nagdahan-dahan si Ulap. Tiniisniya ang magnakaw lamang ng mga sulyap mula sa malayo habang nagtatampisaw si Daragang Magayon sa ilog ng Yawa. Pagkatapos ng isang maulang gabi, pumunta ulit si Magayon sa Ilog Yawa upang magtampisaw. Nadulas siya sa batuhan at nahulog sa malamig na ilog.

Dagli-dagling sumaklolo si Ulap at binuhat ang nangangatog na dilag pabalik sa dalampasigan. Ito ang naging simula ng pag-iibigan ni Daragang Magayon at ni Ulap.Ilang beses pang nagtagpo si Ulap at si Daragang Magayon. Hanggang sa isang araw, sinundan ni Ulap si Magayon sa pag-uwi. Pagdating sa bahay ni Datu Makusog, buong lakas nang loob na ibinaon ni umiwas ng tingin. Dahil dito, napagtanto ni Datu Makusog na umiibig ang kaniyang nag-iisang anak, kaya't hindi na siya nagpahayag ng kahit anong pagtanggi. Tuwang-tuwa si Magayon at si Ulap. Binalak nilang gawin ang kasalan pagkalipas ng isang buwan upang mabalitaan ni Ulap ang kaniyang mga kababayan, at upang makapaghandanang

husto para sa pagdiriwang. Mabilis na kumalat ang magandang balita. Nakarating agad ito kay Pagtuga, na namula sagalit. Nang mangaso si Datu Makusog, dinakip siya ni Pagtuga. Nagpadala si Pagtuga ng mensahe kay Magayon, nagbabantang papatayin ang kaniyang ama at maghahasik ng digmaan saka niyang bayan kung hindi siya pakakasalan. Sinunod ni Magayon ang kahilingan ni Pagtuga, labag man sa kaniyang kalooban. Agad-agad na inihanda ang kasalan. Nang malaman ni Ulap ang masaklap na pangyayari, nagmadali siya pabalik ng Rawis kasama ang pinakamagigiting niyang mandirigma. Kasisimula pa lamang ng seremonya nang dumating sina Ulap. Sa halip naisang pagdiriwang para sa kasal, isang madugong labanan ang naganap. Napuno ang langit ng mga palaso. Napuno ang hangin ng tunog ng nagkikiskisang bolo. Nagtuos si Ulap at si Pagtuga, isang labanan para sa kamay ng nag-iisang si Magayon.

Nadaig at napaslang ni Ulap si Pagtuga. Masayang sinalubong ni Magayon si Ulap, akmang yayakapin —nang biglang isang ligaw na palaso ang tumama sa likod ng dalaga. At habang sapo-sapo ni Ulap ang nag-aagaw-hininga niyang iniibig, bigla siyang sinibat sa likod ng isang kawal ni Pagtuga. Agad na hinataw ni Datu Makusog ang kawal ng kaniyang minasbad, isang matalim na bolo.Pagkatapos ng mabilis na pangyayaring iyon, tumahimik ang lahat ng mandirigma. Tumigilang digmaan. Sa halip na marinig ang kasiyahan ng isang pagdiriwang ng kasalan, mga hikbi at hagulgol para sa mga pumanaw ang lumutang sa hangin. Kahit na halos walang makita dahil sa walang-tigil na pagluha si Datu Makusog, naghukay siya nang naghukay. Nang matapos, nilibing niya ang kaniyang nag-iisang anak na si Magayon, at ang nag-iisa nitong pag-ibig na si Ulap, nang magkatabi at magkayakap.Habang lumilipas ang mga araw, unti -unting tumaas ang lupang pinaglibingan kina Ulap at Magayon. Tumaas ito nang tumaas, at di nagtagal, sinamahan ito ng pagyanig ng lupa at pagtilapon ng nagbabagang mga bato. Naniniwala ang mga matatanda na kapag nangyayari ito, ginagalit ni Pagtuga ang bulkan upang maibalik sa kaniya ang mga kayamanang iniregalo niya kay Magayon—mga regalong inilibing kasama ng dalaga sang-ayon sa mga lumang paniniwala. May mga araw kung kailan natatakpan ng mga ulap ang tuktok ng bulkan.Sinasabi ng mga matatanda na kapag nangyayari ito, hinahalikan ni Ulap si Magayon. At kung pagkatapos nitoay marahang dumampi ang ulan sa magiliw na libis ng bulkan, naniniwala ang mga matatandang lumuluha si Ulap.

**Gawain sa Pagkakatuto Bilang 4**: Sagutin ang mga katanungan sa ibaba. Isulat ang mga sagot sa inyong kwaderno.

1. Isa-isahin ang mga tauhan sa kwento.
2. Alamin ang iba't ibang suliranin na nabanggit sa alamat.
3. Isa-isahin ang mga matatalinghagang salita o pangungusap na nagpapakita ng talinghaga.
4. Alamin ang kahulugang ipinapakita ng matatalinghagang salita.

## E

**Gawain sa Pagkakatuto Bilang 5**: Gumawa ng sanaysay gamit ang mga matatalinghagang salitang nabanggit sa alamat.

WEEK

3

# Bugtong, Salawikain at Sawikain

I

Aralin

Ang ating kultura ay mayaman sa mga panitikang sumasalamin sa ating pagka-Pilipino. Ang mga panitikang ito ay naglalaman ng mga aral at turo ng ating mga ninuno tungkol sa mga gintong aral ng buhay. Makikita ang mga aral na ito sa mga kilala nating panitikan gaya ng bugtong, salawikain at sawikain.

Sa araling ito, kayo ay inaasahang makasulat ng sariling bugtong, salawikain, sawikain o kasabihan na angkop sa kasalukuyang kalagayan.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Pag-aralan at ipaliwanag ang bawat pick-up line sa ibaba. Isulat ang sagot sa kwaderno.

1. Keyboard ka ba? Type kasi kita.
2. Dilim ka ba? Kasi nung dumating ka, wala na akong nakitang iba.
3. Nag-review ka ba? Baka kasi sagutin mo na ako mamaya.
4. Utang ka ba? Habang tumatagal lumalaki na interes ko sa iyo.
5. Tea ka ba? Kasi TEAnamaan na ako sa iyo.

D

**BUGTONG, SALAWIKAIN AT SAWIKAIN**

Ang **bugtong**, pahulaan, o patuturan ay isang pangungusap o tanong na may doble o nakatagong kahulugan na nilulutas bilang isang palaisipan (tinatawag ding *palaisipan* ang bugtong).

Ang **salawikain** ay mga kasabihan na nagbibigay o nagpapanuto ng magagandang aral o gabay sa pamumuhay.

Ang **sawikain** ay mga idyoma na nagpapakita ng malalim na kahulugan tungkol sa iba't ibang paksa.

E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Alamin ang tinutukoy ng bawat bugtong.

1. Sa buhatan ay may silbi, sa igiban ay walang sinabi.

2. Hindi tao, hindi hayop, kung uminom ay salup-salop.

3. Isa ang pasukan, tatlo ang labasan.

4. Buto't balat na malapad, kay galing kung lumipad.

5. Lumuluha walang mata, lumalakad walang paa.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Gumawa ng iyong sariling limang (5) bugtong, limang (5) salawikain at limang (5) sawikain. Ibigay ang tinutukoy at/o kahulugang ipinapakita ng bawat isa.

| | Bugtong | Kahulugan/Paliwanag |
|---|---|---|
| 1 | | |
| 2 | | |
| 3 | | |
| 4 | | |
| 5 | | |
| | **Salawikain** | |
| 1 | | |
| 2 | | |
| 3 | | |
| 4 | | |
| 5 | | |
| | **Sawikain** | |
| 1 | | |
| 2 | | |
| 3 | | |
| 4 | | |
| 5 | | |

WEEKS

3-4

# Paghahambing

Aralin

I

Ang araling ito ay naglalayong mapaghambing ang iba't ibang aral mula sa piling akdang pampanitikan upang makilala at maunawaan ang gintong aral na nakapaloob sa mga ito. Ito rin ay naglalayong magamit ang paghahambing sa pagbuo ng alinman sa bugtong, salawikain, sawikain o kasabihan (eupemistikong pahayag).

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Pag-aralan ang mga bugtong at pick-up line sa ibaba.

**A. Bugtong:**
1. Nagbibigay na, sinasakal pa.
2. May puno walang bunga, may dahon walang sanga.
3. Hinila ko ang baging, sumigaw ang matsing.

**B. Pick-up Lines**
1. Pustiso ka ba? Kasi I can't smile without you.
2. Puto ka ba? Bagay ka kasi sa DINUGUAN kong puso.
3. Ampalaya ka ba? Kasi kahit anong pait ng karanasan ko, ikaw pa rin ang nagbibigay ng sustansiya sa buhay ko.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Tukuyin kung ano or sino ang tinutukoy ng bawat bugtong at bigyang-paliwanag ang bawat isang pick-up line. Isulat ang kasagutan sa inyong kwaderno.

D

**PAGHAHAMBING**

Ang **paghahambing** ay isang paraan ng paglalahad. Ito at nakatutulong sa pagbibigay-linaw sa isang paksa sa pamamagitan ng paglalahad ng pagkakatulad at pagkakaiba ng dalawang bagay na pinaghahambing.

**Dalawang Uri ng Paghahambing**

1. **Pahambing na Magkatulad-** ginagamit ito kung ang dalawang pinaghahambing ay may patas na katangian. Ginagamitan ito ng mga panlaping **kasing, sing, magsing,** at **magkasing** o kaya ay ng mga **salitang gaya, tulad, paris, kapwa,** at **pareho**.
   Halimbawa:
   Parehong maganda ang aking nanay at lola dahil magkamukha sila.

2. **Paghahambing na Di-Magkatulad**
   **A. Palamang** – nakahihigit sa katangian ang isa sa dalawang pinaghahambing. Ginagamit ang higit, lalo, mas, di-hamak.
   **Halimbawa:**
   Si Ana ay **mas** mayaman kay Paulo.

**B. Pasahol** – kulang sa katangian ang isa sa dalawang pinaghahambing. Ginagamit ang di-gaano, di-gasino, di-masyado.

**Halimbawa:**

1. **Di-gaanong** matangkad si Alex kumpara sa kanyang kapatid.
2. Ang magkapatid ay **kapwa** bagong tao.
3. Mas mabuti nang mamatay sa gutom **kaysa** magnakaw.

## E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Ipaliwanag ang kahulugang tinutukoy ng bawat isa. Ihambing ang kahulugan ng bawat isa sa nangyayari sa buhay ng tao. Isulat ang kasagutan sa inyong kwaderno.

1. Huwag gawin sa iba ang ayaw mong gawin sa iyo.
2. Kung walang tiyaga, walang nilaga.
3. Magbiro ka sa lasing, huwag lang sa bagong gising.
4. Pulutin ang mabuti, iwaksi ang masama.
5. Ang katotohanan kahit na ibaon, mabubulgar rin pagdating ng panahon.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Panuto:** Basahin at unawain ang tulang nasa ibaba. Kopyahin ang mga paghahambing na ginamit sa loob ng tula.

**SA AKING MGA KABABATA**
ni Dr. Jose Rizal

Kapagka ang baya'y sadyang umiibig
Sa langit salitang kaloob ng langit
Sanlang kalayaan nasa ring masapi

Katulad ng ibong nasa himpapawid
Pagka't ang salita'y isang kahatulan
Sa bayan, sa nayo't mga kaharian

At ang isang tao'y katulad, kabagay
Ng alin mang likha noong kalayaan.
Ang hindi magmahal sa kanyang salita
Mahigit sa hayop at malansang isda

Kaya ang marapat pagyamanin kusa
Na tulad sa inang tunay na nagpala
Ang wikang Tagalog tulad din sa Latin,
Sa Ingles, Kastila, at salitang anghel,
Sapagkat ang Poong maalam tumingin
Ang siyang naggagawad, nagbibigay sa atin.
Ang salita nati'y tulad din sa iba

Na may alfabeto at sariling letra,
Na kaya nawala'y dinatnan ng sigwa
Ang lunday sa lawa noong dakong una.

Sanggunian: https://www.joserizal.com/sa-aking-mga-kababata/

# A

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Gumupit ng mga larawan para makagawa ng isang *brochure* pangkalusugan ukol sa COVID-19. Lagyan ng ***caption*** ang bawat larawan gamit ang mga bugtong at/o salawikain at ipaliwanag ang mga ito sa pamamagitan ng paghahambing.

| **Pamantayan** | **Puntos** |
|---|---|
| May kaugnayan sa paksa | 30 |
| Malinaw at maayos na pagpapaliwanag | 30 |
| Pagiging malikhain | 20 |
| Malinis at maayos na presentasyon | 20 |
| **Kabuuan** | **100** |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 6:** Sumulat ng sariling bugtong at salawikain na nagpapakita ng pagkukumpara ng dalawa o higit pang bagay, tao o pangyayari. Ipaliwanag ang kahulugan ng bawat isang bugtong at salawikain.

# Layunin ng Napakinggang Teksto

Aralin

I

Ang pakikinig ang isa sa mga pinakamahirap at pinakanapapabayaang makrong pangkasanayan. Sa araling ito, kayo ay gagabayan sa mga gawaing tungkol sa pakikinig. Dagdag pa rito, ito ay naglalayong malaman ang mga layunin ng mga napakinggang teksto.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Basahin/Kantahin at pag-aralan ang awiting *Dapat Tama.*

**DAPAT TAMA**

Gloc-9 feat. Denise Barbacena

Ang bidyu ay maaaring makita sa
https://www.youtube.com/watch?v=5smErKJNceQ

Dahil sa dulo bawal ang kakamotkamot
Sa katanungang harap-harapang iaabot
Sinong pinili? Pag ang tinta ay humalik sa daliring
Siyang ginamit at nagturo na wala ay maibalik
Dapat tama

Alam natin ang tama, 'bat di natin ginagawa?
Paulit-ulit nalang na ito ang bagong simula
Simula ng simula bakit walang natatapos?
Atras abante lagi, pudpod na swelas ng sapatos
Ilang beses nangako, ilang beses napako
'Bat di natin subukan at tulungan at umako
Bumahagi sa bigat na matagal na nating pasan
Pag tayo'y nagsama-sama lahat ay malalampasan
May masmaayos na bukas para sating mga anak
Ang unang hakbang ay piliin ang tamang nakatatak
Na pangalan sa balota wag na tayong magpauto
Na satin ang kapangyarihan pag tayo ang kumibo
Nanggigigil mong itigil ang pag pagsisi sa sutil
Na nasa pwestong di kana kilala kapag siningil
Sa lahat ng kanyang pangakong patagal ng patagal
Kung di tayo kumbinsido wag na nating ihalal

Dahil sa dulo bawal ang kakamotkamot
Sa katanungang harap-harapang iaabot
Sinong pinili? Pag ang tinta ay humalik sa daliring
Siyang ginamit at nagturo na wala ay maibalik
Dapat tama (Sa isip at sa salita)
Dapat tama (Lalong lalo na sa gawa)
Dapat tama… (Sama-sama nating itama ang mali)
Dapat tama (Nang ang bayan natin makabangon muli)

Dapat tama (Sa isip at sa salita)
Dapat tama (Lalong lalo na sa gawa)
Dapat tama… (Sama-sama nating itama ang mali)
Dapat tama (Nang ang bayan natin makabangon muli)
DAPAT TAMA!

Itama natin ang gabay, wag na tayong mag reklamo
Itaas ang kamay ng gusto ng pag-asenso
Balikat na magkaakbay hindi tayo susuko
Malakas na boses sabay-sabay mangako
Itama natin ang gabay, wag na tayong mag reklamo
Itaas ang kamay ng gusto ng pag-asenso
Balikat na magkaakbay hindi tayo susuko
Malakas na boses sabay-sabay mangako

Kung walang magpapaloko,
Wala nang manglolokoko
Ang mga bontanteng Pilipino ay di mga bobo
Lumiyab pag madilim, ituwid ang tiwali
Di ganon kasimple to, di kailangang magmadali
Ang tiwalang inagaw sa tao ng maneng-mane
Kahit saan natin pilitin at tigna'y maling-mali
Umahon sa kahirapan, at lumangoy sa kumunoy
Kahit ano pang iharang at tumuloy ng tumuloy
Pagdating ng eleksyon ito ang dapat na panata
Isulat ang kung sino ang talagang sa tingin mo'y tama
At sa araw na napakabihira lang dumaan
Dapat sa may katuturan, wag kang mag-aalangan
Na hawakan ang lubid na siyang nagsisilbing tulay
Gisingin natin ang tulog, tuloy tuloy na mag-ingay
Nang malaman ng lahat sumugaw sabay-sabay
Kinabukasan ng bayan ay na sating mga kamay

Dahil sa dulo bawal ang kakamotkamot
Sa katanungang harap-harapang iaabot
Sinong pinili? Pag ang tinta ay humalik sa daliring
Siyang ginamit at nagturo na wala ay maibalik
Dapat tama (Sa isip at sa salita)
Dapat tama (Lalong lalo na sa gawa)
Dapat tama…(Sama-sama nating itama ang mali)
Dapat tama (Nang ang bayan natin makabangon muli)

Dapat tama (Sa isip at sa salita)
Dapat tama (Lalong lalo na sa gawa)
Dapat tama… (Sama-sama nating itama ang mali)
Dapat tama (Nang ang bayan natin makabangon muli)
Dapat tama

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Gamit ang awiting *Dapat Tama,* sagutin ang sumusunod na tanong sa inyong kwaderno.

1. Ano ang temang nais ipahiwatig ng awiting *Dapat Tama*?
2. Anong layunin ang ipinapakita ng awitin?
3. Anu-anong problema ang inihahayag ng awitin?
4. Anong ang mga pangarap na nais matupad ng awitin nabanggit?
5. Kung bibigyan ka ng pagkakataong baguhin ang lipunan, anu-anong pagbabago ang nais mong ilatag?

D

## MGA LAYUNIN NG NAPAKINGGANG TEKSTO

Mayroong tatlong layunin ang mga napapakingggang teksto na kinabibilangan ng mga sumusunod:

1. Magturo o magbigay-alam - naglalayong magbigay-impormasyon sa mga nakakarinig tungkol sa mga mahalagang paksa.
2. 
3. Manghikayat - naglalayong hikayatin ang mga tagapakinig na maniwala o kumilos batay sa tema o paksang napakinggan.
4. 
5. Manglibang - naglalayong magbigay ng pagkakataong ma-relax o mabigyang -aliw mula sa napakinggang teksto.

E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Tukuyin ang mga layuning nakapaloob sa bawat programang nasa ibaba. Ipaliwanag kung bakit nabibilang sa napiling layunin ang bawat isang programa. Isulat ang sagot sa inyong kwaderno.

| | Program | Layunin | Paliwanag |
|---|---|---|---|
| 1 | 24 Oras | | |
| 2 | Eat Bulaga | | |
| 3 | It’s Showtime | | |
| 4 | I-Witness | | |
| 5 | Pinoy MD | | |

A

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Pumili ng iyong paboritong awitin. Isulat ang liriko nito sa inyong kwaderno. Ipaliwanag sa 3-5 pangungusap ang layuing ipinapakita ng awitin.

WEEKS 4-5


# Pag-unawa sa Akdang Binasa

Aralin

## I

Mahalagang nauunawaan ng bawat mambabasa ang mga akdang binabasa. Kailangan ang lalim sa pang-unawa upang makita at maintindihan ang detalye ng bawat akdang binabasa. Sa araling ito, kayo ay inaasahang malinang ang kakayahang umunawa sa mga binasa sa pamamagitan ng paghihinuha batay sa (a) mga ideya o pangyayari sa akda at (b) mga dating kaalaman kaugnay sa binasa.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Gamit ang iyong sariling kaalaman, ibigay ang mga bagay na maaari mong iugnay sa salitang pinaguusapan.




## D

Ang pang-unawa ay mas nahahasa sa tulong ng dating kaalaman o ng mga karanasan ng mambabasa. Sa pamamagitan ng dating kaalaman o ng mga karanasan, naihahambing at naiuugnay ng mambabasa ang kontekstong ipinapakita ng isang akda.

1. Ang **dating kaalaman** o mas kilala bilang prior knowledge ay tumutukoy sa mga kaalalamang nakaimbak sa ating kaisipan na nakuha mula sa mga bagay na ating nakita, narinig at nabasa.
2. Ang ating mga **karanasan** ay isang malaking tulong upang mas madaling maunawaan ang isang akda. Sa pamamagitan ng pagbabasa sa mga detalyeng ipinapakita ng isang akda, naiuugnay natin ang mga konseptong ito sa ating personal na karanasan.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Basahin ang tulang nasa ibaba. Damhin ang mensaheng ipapakita ng tula.

## SULAT NI NANAY AT TATAY SA ATIN

ni Rev. Fr. Ariel F. Robles

Maaaring mapakinggan ang tula sa
https://www.youtube.com/watch?v=_I0fK4T8Xm0

Sa aking pagtanda, unawain mo sana ako at pagpasensiyahan.

Kapag dala ng kalabuan ng mata ay nakabasag ako ng pinggan
o nakatapon ng sabaw sa hapag kainan, huwag mo sana akong kagagalitan.
Maramdamin ang isang matanda. Nagse-self-pity ako sa tuwing sinisigawan mo ako.

Kapag mahina na ang tenga ko at hindi ko maintindihan
ang sinasabi mo, huwag mo naman sana akong sabihan
ng "binge!" paki-ulit nalang ang sinabi mo o pakisulat nalang.
Pasensya ka na, anak. Matanda na talaga ako.

Kapag mahina na ang tuhod ko, pagtiyagaan mo sana akong
tulungang tumayo, katulad ng pag-aalalay ko sa iyo
noong nag-aaral ka pa lamang lumakad.

Pagpasensyahan mo sana ako kung ako man ay
nagiging makulit at paulit-ulit na parang sirang plaka.
Basta pakinggan mo nalang ako. Huwag mo sana akong
Pagtatawanan o pagsasawaang pakinggan.

Natatandaan mo anak noong bata ka pa?
kapag gusto mo ng lobo, paulit-ulit mo 'yong sasabihin,
maghapon kang mangungulit hangga't hindi mo nakukuha ang gusto mo.
Pinagtyagaan ko ang kakulitan mo.

Pagpasensyahan mo na rin sana ang aking amoy. Amoy matanda, amoy lupa.
Huwag mo sana akong piliting maligo. Mahina na ang katawan ko.
Madaling magkasakit kapag nalamigan, huwag mo sana akong pandirihan.

Natatandaan mo noong bata ka pa? Pinagtyagaan kitang habulin
Sa ilalim ng kama kapag ayaw mong maligo.
Pagpasensyahan mo sana kung madalas, ako'y masungit,
Dala na marahil ito ng katandaan. Pagtanda mo, maiintindihan mo rin.

Kapag may konti kang panahon, magkwentuhan naman tayo, kahit sandali lang.
Inip na ako sa bahay, maghapong nag-iisa. Walang kausap.
Alam kong busy ka sa trabaho, subalit nais kong malaman mo na sabik na sabik
Na akong makakwentuhan ka, kahit alam kong hindi ka interesado sa mga kwento ko.

Natatandaan mo anak, noong bata ka pa?
Pinagtyagaan kong pakinggan at intindihin
ang pautal-utal mong kwento tungkol sa iyong teddy bear.

At kapag dumating ang sandali na ako'y magkakasakit
at maratay sa banig ng karamdaman,
huwag mo sana akong pagsawaang alagaan.

Pagpasensyahan mo na sana kung ako man ay maihi o madumi sa higaan,
Pagtyagaan mo sana akong alagaan sa mga huling sandali ng aking buhay.
Tutal hindi na naman ako magtatagal.

Kapag dumating ang sandali ng aking pagpanaw, hawakan mo sana ang aking kamay
At bigyan mo ako ng lakas ng loob na harapin ang kamatayan.

At huwag kang mag-alala, kapag kaharap ko na ang Diyos na lumikha,
ibubulong ko sa kanya na pagpalain ka sana ...
Dahil naging mapagmahal ka sa iyong ama't ina...

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Sagutan ang mga tanong sa ibaba sa inyong kwaderno.

1. Kanino iniaalay ang tulang akda?
2. Anu-ano ang mga kahilingan ng nanay at tatay?
3. Anu-ano ang mga ginawa ng mga magulang para sa kanilang mga anak?
4. Ano sa tingin mo ang layunin ng may-akda sa pagsulat sa akdang ito?
5. Kung ikaw ang magulang, tama lang bang ihanay sa mga anak ang kanyang kahilingan?
6. Bilang anak, ano ang magiging tugon mo rito?
7. Paano mo maihahalintulad ang nasabing akda sa iyong mga karanasan sa iyong tunay na buhay?

## A

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Gumawa ng isang liham na tutugon sa sulat ng nanay at tatay sa Gawain sa Pagkatuto Bilang 4. Ilagay sa liham ang iyong naiisip at nadarama patungkol sa mga konseptong nabanggit.


# Teknik sa Pagpapalawak ng Paksa

## I

Aralin

Ang pagpapalawak ng isang paksa ay isang kasanayang nagpapakita ng kahusayan sa pagpapaliwanag ng mga temang pinag-uusapan. Ang gawaing ito ay ay napapalooban ng iba’t ibang teknik. Sa araling ito, ikaw ay inaasahang makagamit ng iba’t ibang teknik sa pagpapalawak ng paksa sa pamamagitan ng (a) paghahawig o pagtutulad, (b) pagbibigay-depinisyon at (c) pagsusuri.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Gamit ang iyong sariling kaalaman, ibigay ang mga bagay na maaari mong iugnay sa salitang pinaguusapan.




## D

### Iba’t Ibang Teknik sa Pagpapalawak ng Pangungusap

**1. Paghahawig o Pagtutulad**

Ang mga bagay na magkakatulad ay pinaghahambing upang mapalitaw ang kanilang mga tiyak na katangian, samantalang ang magkakaiba ay pinagtatambis upang maibukod ang isa sa isa.

**2. Pagbibigay-katuturan o Depinisyon**

Ang mga salitang hindi agad-agad naiintindihan ay kailangang bigyan ng depinisyon. Ito ay mga bagay o kaisipan na kailangang higit na masaklaw ng pagpapaliwanag. Ang kaurian, kaantasan at kaibahan ng mga salitang ito ay binibigyang-diin sa pagbibigay ng depinisyon.

**3. Pagsusuri**

Nagpapaliwanag hindi lamang ng mga bahagi ng kabuoan ng isang bagay kundi pati na rin ang kaugnayan ng mga bahaging ito sa isa't-isa.

Pagkatapos nating talakayin ang tungkol sa iba’t ibang teknik sa pagpapalawak ng pangungusap sa pagkakataong ito ay subukan nating gamitin mo ang natutuhan sa gawaing naghihintay sa iyo sa ibaba.

E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Gamit ang iyong kasagutan sa Gawain sa Pagkatuto Galing 1, bumuo ng isang sanaysay gamit ang mga konseptong nabuo. Sa pagbuo ng sanaysay, gumamit ng mga sumusunod na teknik: paghahambing, pagbibigay-depinisyon at pagsusuri.

A

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Gamit ang isa sa mga teknik na ito (paghahambing, pagbibigay-depinisyon at pagsusuri), gumawa ng isang tula sa isa sa mga sumusunod na paksa:

- Anti-Terror Bill/Terorismo
- Kahirapan
- Kagutuman
- Droga
- Kurapsyon

# Nakakasulat ng Talata

Aralin

## I

Ang pagsulat ng talata ay isang magandang paraan upag maipahayag ang ating nararamdaman. Ang talata ay isang gawaing nagpapakita ng ating kakayahang makapagpahayag ng ating saloobin at nararamdaman.

Sa araling ito, ikaw ay inaasahang makasulat ng talata na: (a) binubuo ng magkaka-ugnay at maayos na mga pangungusap, (b) may simula, gitna at wakas, at (c) nagpapahayag ng sariling sariling palagay o kaisipan.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Sumulat ng isang talata tungkol sa iyong sarili. Ang iyong talata ay dapat maglaman ng mga sumusunod na paksa tungkol sa iyong sarili:

- Pangarap at Adhikain
- Mga Hamong Pinagdaanan

__________________________________________________________
__________________________________________________________
__________________________________________________________
__________________________________________________________

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Gamit ang nabuong talata, tukuyin ang simula, gitna at wakas ng bawat talata.

## D

Ang talata ay isang sulatin na binubuo ng mga pangungusap na tumutukoy sa piling paksa o tema. Ito ay binubuo ng tatlong bahagi:

1. **Simula** - ito ang nagbibigay buhay at direksyon sa paksang paguusapan sa isang talata.
2. **Gitna** - pagbuo ng paksa na ipinapakita sa pamamagitan ng paghahambing, pagbibigay-depinisyon o pagsusuri. Sa bahaging ito ay makikita ang lalim ng pagtalakay sa paksang pinag-uusapan.
3. **Wakas** - nagpapakita ng pagsasara sa usapin, tema o paksang pinag-uusapan. Dito rin nagbiigay ng konklusyon, rekomendasyon o paglalagom sa paksang pinag-uusapan.

## E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Basahin ang epikong *Ibalon* mula sa Bicolandia. Suriin ang (a) simula, (b) gitna at (c) wakas sa bawat talata. Isulat ang sagot sa inyong kwaderno.

### IBALON

(Epiko ng Bikol)

Ayon sa salaysay ni Padre Castano sa narinig niyang kuwento ng isang manlalakbay na mang aawit na si Cadugnong, ang epikong Ibalon ay tungkol sa kabayanihan ng tatlong magigiting na lalaki ng Ibalon na sina Baltog, Handiong,

at Bantong. Ibalon ang matandang pangalan ng Bikol. Si Baltog ay nakarating sa lupain ng Ibalon dahil sa pagtigis niya sa isang malaking baboy-ramo. Siya'y nanggaling pa sa lupain ng Batawara.

Mayaman ang lupain ng Ibalon at doon na siya nanirahan. Siya ang kinilalang hari ng Ibalon. Naging maunlad ang pamumuhay ng mga tao. Subalit may muling kinatakutan ang mga tao, isang malaki at mapaminsalang baboy-ramo na tuwing sumasapit ang gabi ay namiminsala ng mga pananim. Tinulungan siya ng kanyang kaibigang si Handiong.

Pinamunuan ni Handiong ang mga lalaki ng Ibalon upang kanilang lipulin ang mga dambuhalang buwaya, mababangis na tamaraw at lumilipad na mga pating at mga halimaw na kumakain ng tao. Napatay nila ang mga ito maliban sa isang engkantadang nakapag-aanyong magandang dalaga na may matamis ba tinig. Ito ay si Oriol. Tumulong si Oriol sa paglipol ng iba pang mga masasamang hayop sa Ibalon.

Naging payapa ang Ibalon. Ang mga tao ay umunlad. Tinuruan niya ang mga tao ng maayos na pagsasaka. Ang mga piling tauhan ni Handiong ay tumulong sa kanyang pamamahala at pagtuturo sa mga tao ng maraming bagay.

Ang sistema ng pagsulat ay itinuro ni Sural. Itinuro ni Dinahong Pandak ang paggawa ng palayok na Iluad at ng iba pang kagamitan sa pagluluto.

Si Hablon naman ay nagturo sa mga tao ng paghahabi ng tela. Si Ginantong ay gumawa ng kauna-unahang bangka, ng araro, itak at iba pang kasangkapan sa bahay.

Naging lalong maunlad at masagana ang Ibalon. Subalit may isang halimaw na namang sumipot. Ito ay kalahating tao at kalahating hayop. Siya ay si Rabut. Nagagawa niyang bato ang mga tao o hayop na kanyang maengkanto. May nagtangkang pumatay sa kanya subalit sinamang palad na naging bato. Nabalitaan ito ni Bantong at inihandog niya ang sarili kay Handiong upang siyang pumatay kay Rabut.

Nalaman ni Bantong na sa araw ay tulog na tulog si Rabut. Kanya itong pinatay habang natutulog.

Nagalit ang Diyos sa ginawang pataksil na pagpatay kay Rabut. Diumano, masama man si Rabut, dapat ay binigyan ng pagkakataong magtanggol sa sarili nito. Pinarusahan ng Diyos ang Ibalon sa pamamagitan ng isang napakalaking baha.

A

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Gumawa ng isang sanaysay na binubuo ng limang talata. Ang nasabing sanaysay sesentro sa paksang tungkol sa *diskriminasyon.* Pagkatapos sumulat ng sanaysay sa inyong kwaderno, suriin ang bawat talata sa pagpapakita ng simula, gitna at wakas.


# Hudyat ng Sanhi at Bunga

Aralin

## I

Maraming paraang ang ginagamit sa pagpapahayag ng tema o paksa sa isang pangungusap. Isang paraan sa pagbuo ng pangungusap at talata ay ang pagpapahayag ng sanhi at bunga. Ang araling ito ay tumutukoy sa mga ginagamit na hudyat upang maipakita ang sanhi at bunga.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Gamit ang dayagram sa ibaba, ipakita ang iba't ibang mga sanhi at epekto dulot ng COVID-19 pandemic sa Pilipinas.



## D

Ang isang pangungusap (at talata) ay maaaring mabuo gamit ang disenyong sanhi at bunga. Ang sanhi ay tumutukoy sa dahilan kung bakit nangyari ang isang bagay at ang bunga ay tumutukoy sa epekto matapos maangyari ang sanhi.

Sa pagbuo ng pangungusap (at talata) gamit ang sanhi at bunga, maaaring gumamit ng mga hudyat gaya ng *dahil, sapagkat, kaya, bunga nito* at marami pang iba.

## E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Gamit ang iyong kasagutan sa dayagram sa itaas, sumulat ng isang talata na naglalaman ng mga sanhi at bunga tungkol sa COVID-19 pandemic. Isulat ang sagot sa iyong kwaderno.

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

A

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Kumpletuhin sa inyong kwaderno ang tungkol sa sanhi at bunga.

| | Sanhi | Bunga |
|---|---|---|
| 1 | | Kahirapan |
| 2 | Pagtatapon ng basura kung saan-saan | |
| 3 | | Pagkakasakit |
| 4 | Paliligo sa dagat | |
| 5 | | Pag-aasawa ng maaga |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Gamit ang mga datos sa itaas, sumulat ng limang pangungusa (isa sa bawat aytem) na nagpapakita ng sanhi at bunga. Gumamit ng angkop na hudyat sa pagpapakita ng sanhi at bunga.


# Opinyon at Pananaw

I

## Aralin

Maraming paraan upang maipahayag natin ang ating nararamdaman tungkol sa isang bagay, isyu o paksa. Ang pagpapahayag na ito ay maaring galing sa ating mga sariling paniniwala, pananaw o paninindigan. Sa araling ito, ikaw ay inaasahang makapagbahagi ng iyong sariling opinyon o pananaw batay sa napakinggang pag-uulat.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Pag-aralan ang larawan at impormasyong kuha mula sa Philippine Star noong July 7, 2020.




Sanggunian: https://www.facebook.com/PhilippineSTAR/photos/a.134754620011561/1844739379013068/?type=3&theater

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Gamit ang larawan sa itaas, isa-isahin ang iyong paniniwala o opinyon tungkol sa nasabing pahayag. Isulat ang sagot sa iyong kwaderno.

1. ____________________
2. ____________________
3. ____________________
4. ____________________
5. ____________________

## D

Bilang malayang bansa, tayo ay may karapatang makapagpahayag ng ating sariling pananaw o paniniwala tungkol sa iba't ibang isyu sa ating lipunan. Subalit dapat nating tandaan, na ang pagpapahayag ng paniniwala ay opinyon ay dapat dinaraan sa responsableng pamamaraan. Ito ay dapat ibinabahagi sa paraang sensitibo at hindi makakasakit sa iba.

## E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Gamit ang mga larawan sa itaas, ihayag ang iyong paniniwala o opinyon tungkol sa paksa at mensaheng inihhayag ng bawat larawan. Isulat ang sagot sa iyong kwaderno.

1. 


____________________________
____________________________
____________________________
____________________________

2. 


____________________________
____________________________
____________________________
____________________________

## A

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Kung ikaw ay mabibigyan ng pagkakataong maging senador ng bansa, magbigay ng limang batas na iyong ipapanukala para sa bansa. Ipaliwanag ang iyong pananaw kung bakit kailangang ipasa ang mga batas na iyong ipinapanukala. Punan ang talahanayan sa ibaba sa iyong kwaderno.

| | Panukalang Batas | Pananaw o Opinyon |
|---|---|---|
| 1 | | |
| 2 | | |
| 3 | | |
| 4 | | |
| 5 | | |


# Hakbang sa Paggawa ng Pananaliksik

I

Aralin

Ang pananaliksik ay isang uri ng sulatin na nangangailangan ng mahabang panahon ng pagsasagawa. Ito ay nangangailangan ng maayos na paghahanda, sistematikong pagtatala at pagsulat at pagkatapos, susundan ng malinaw na paglalahad.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Pag-aralan ang larawan sa ibaba. Anu-anong impormasyon ang maaari mong maiugnay tungkol sa ideyang o mensaheng sinasabi ng larawan.




D

## Mga Hakbang sa Pananaliksik

**Unang Hakbang**

a. Pumili at maglimita ng paksa. Ang paksa ay dapat na alam mo, nakawiwili, mapagkukunan ng datos, may sanggunian, may kabuluhan at magagawan ng kongklusyon.

**Ikalawang Hakbang**

b. Magsagawa ng pansamantalang balangkas.
   I. Ilahad sa isang pangungusap ang nais pag-aralan sa paksa.
   II. Ilahad ang layunin.
   III. Itala o ilista ang mga tanong.
   IV. Pangatwiranan ang kahalagahan ng paksa.

**Ikatlong Hakbang**

c. Magtala ng sanggunian (mangalap sa internet o silid-aklatan). Huwag takdaan ang bilang ng maksimum na bilang ng sanggunian, pitong sanggunian ang minimum.

**Ikaapat na Hakbang**

d. Mangalap ng datos. Importante ang dating kaalaman sa mga nabasa na. Ideya lamang ng nabasa ay sapat na. Makatutulong ang paggamit ng *index card* sa pagtatala ng mga sanggunian.

**Ikalimang Hakbang**

e. Bumuo ng konseptong papel. Ginagawa kapag sigurado ka na sa paksang

sasaliksikin. Kasama rito ang balangkas/framework ng daloy ng laman ng pananaliksik na magbibigay-linaw sa isusulat.

**Ikaanim na Hakbang**

f. Gumawa ng dokumentasyon. Sinupin ang mga datos, gumamit ng parentetikal na paglalahad ng sanggunian at bigyang-pansin ang paggamit ng wastong bantas.

**Ikapitong Hakbang**

g. Isulat ang pinal na kopya ng pananaliksik.

## E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Maglahad ng limang (5) posibleng paksang nais mong bigyan o hanapan ng solusyon o kasagutan.

1. ______________________________________________
2. ______________________________________________
3. ______________________________________________
4. ______________________________________________
5. ______________________________________________

## A

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Gumawa ng draft o balangkas ng inyong gagawing pananaliksik gamit ang isa sa paksang iyong mapipili. Gamiting ang mga batayang ito:

I. Ilahad sa isang pangungusap ang nais pag-aralan sa paksa.
II. Ilahad ang layunin.
III. Itala o ilista ang mga tanong.
IV. Pangatwiranan ang kahalagahan ng paksa.


# Resulta ng Pananaliksik

I

## Aralin

Ang pananaliksik ay isang mahabang proseso na nangangailangan ng masusing pag-aaral. Isa sa pinakamahirap na bahagi ng pananaliksik ay ang pangangalap ng datos tungkol sa paksang pinag-uusapan. Sa araling ito, ikaw ay inaasahang magagamit sa pagsulat ng resulta ng pananaliksik ang mga awtenting datos na nagpapakita ng pagpapahalaga sa katutubong kulturang Pilipino.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Pag-aralan ang larawan sa ibaba. Anu-anong impormasyon o datos ang ipinapakita ng larawan. Isulat ang iyon obserbasyon sa iyong kwaderno.



# D

Maraming paraan kung papaano maihahanay ang mga datos na makakalap batay sa isinasagawang pananaliksik. Ang mga datos ay maaaring ihanay sa pamamagitan ng mga dayagram, grap o talahanayan. Ang mga kagamitang ito ay nagagamit upang mas mabilis o madaling maipakita ang mga resulta. Bagama't nakakatulong ang mga talata sa pagpapapaliwanag ng mga datos, mas nagiging madaling maunawaan ang mga datos sa pamamagitan ng mga textual aid na nabanggit upang ms maging makabuluhan ang mga impormasyong makikita.

# E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Gamit ang mga impormasyon na makikita sa infographic sa Gawain sa Pagkauto Bilang 1, gumawa ng isang talatang magpapakita ng malinaw na paliwanag sa mga impormasyon at/o datos na pinapakita. Isulat ang iyon obserbasyon sa iyong kwaderno.

E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Pag-aralan ang talahanayan sa ibaba. Gumawa ng isang talatang magpapakita ng malinaw na paliwanag sa mga impormasyon at/o datos na pinapakita. Isulat ang iyon obserbasyon sa iyong kwaderno.

| Talaan ng mga Mag-aaral sa Bawat Grupo | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **Sektor** | **Kinder to Baitang 3** | **Baitang 4 to 6** | **Hayskul (G7-10)** | **Senyor Hayskul (G11-12)** | **Mag-aaral na may Espesyal na Pangangailangan** | **Kabuuan** |
| Pribado | 194,185 | 136,897 | 272,157 | 270,022 | 938 | **874,199** |
| Publiko | 1,036,525 | 782,627 | 937,290 | 180,695 | 10,173 | **2,947,310** |
| SUCs/LUCs | 872 | 824 | 3,462 | 6,613 | 0 | **11,771** |
| **Kabuuan** | **1,231,582** | **920,348** | **1,212,909** | **457,330** | **11,111** | **3,833,280** |

A

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Gamit ang mga datos na iyong nakalap tungkol sa iyong isinasagawang pananaliksik, gumawa ng dayagram, grap o talahanayan na maghahanay ng mga impormasyong nakalap. Isulat ang iyong obserbasyon sa iyong kwaderno.

WEEK 8


# Pahayag sa Pag-aayos ng Datos

I

## Aralin

Sa pananaliksik, mahalagang makapagsulat ng mga talatang magpapaliwanang ng mga impormasyon nakasulat sa ginawang dayagram, grap o talahanayan. Sa aralin ito, ikaw ay inaasahang magamit nang maayos ang mga pahayag sa pag-aayos ng datos.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Pag-aralan ang larawan sa ibaba. Anu-anong impormasyon o datos ang ipinapakita ng larawan. Isulat ang iyon obserbasyon sa iyong kwaderno.




Sanggunian: **doh.gov.ph**

# D

Sa pagpapakita ng datos, mahalagang ang mga ginawang dayagram, grap o talahanayan na nagpapakita ng mga detalye ng resulta ng pananaliksik. Ito ay maisasagawa sa pamamagitan ng mga talatang nagpapakita ng paliwanag sa mga impormasyong naksaulat sa mga grap, dayagram at talahanayan. Dapat tandaan na ang mga impormasyong isusulat sa talata ay katulad ng impormasyong makikita sa grap, dayagram o talahanayang ipinapaliwanag.

# E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Gamit ang mga impormasyon na makikita sa infographic sa Gawain sa Pagkauto Bilang 1, gumawa ng isang talatang magpapakita ng malinaw na paliwanag sa mga impormasyon at/o datos na pinapakita. Isulat ang iyon obserbasyon sa iyong kwaderno.

**A**

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Gamit ang nabuong grap, dayagram o talahanayan kaugnay ng iyong pananaliksik, ipaliwanag ang mga ito sa pamamagitan ng mga talata maghahanay ng mga impormasyon at/o datos na nakalap. Isulat ang iyong obserbasyon sa iyong kwaderno.

## Sanggunian


**AKLAT**

Ancheta, Jeffrey R. et.al. 2015. Pagbasa at Pagsulat: Tungo sa Epektibong
Baisa-Julian, Ailene et. al. 2014. Pinagyamang Pluma 8. Quezon City. Phoenix Publishing House Inc.
De Castro-Dulay, Maribel at Sevilla, Kristine. 2014 Tuklas: Aklat sa Wika at Panitikan. Magallanes Publishing.
Julian, Ailene B. et.al. 2015. Pinagyamang Pluma 8. Quezon City, Phoenix Publishing House.
Lacano, Diana Gracia L. et.al. 2011. Bagong Likha 8. Valenzuela City. JO-ES Publishing House, Inc.
Pananaliksik. Malabon City. Mutya House Publishing House, Inc.

**INTERNET**

Filipinolearnersmaterial-130816181658-phpapp02.pdf
http://news.abs-cbn.com/life/01/16/18/bulkang-mayon-higit-50-beses-nang-pumutok-sa-loob-ng-400-taon.
https://brainly.ph/question/535816#readmore
https://www.joserizal.com/sa-aking-mga-kababata/
www.brainly.ph/question/712420#
www.filipinotek.wordpress.com/2013/03/29/epiko-at-kasaysayan-nito/comment-page-1/
www.pinoycollection.com/ibalon/.
www.quizlet.com/217462767/filipino-pagtalata-at-pagpapalawak-ng-paksa-flash-cards/

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education Region 4A CALABARZON

Office Address: Gate 2 Karangalan Village, Cainta Rizal

Landline: 02-8682-5773 local 420/421

Email Address: lrmd.calabarzon@deped.gov.ph

DepED DEPARTMENT OF EDUCATION

KAGAWARAN NG EDUKASYON • REHIYON IV- CALABARZON